Paraan ng Pagtatanim ng Halaman

1. Ito ay paraan ng pagtatanim na kung saan ang mga punla o bahagi ng halaman tulad ng buto, sanga, ugat, o dahon ay direktang itatanim sa lupa opaso hanggang sa ito ay aanihin na.

   Tuwiran Di-Tuwiran Seksuwal Aseksuwal

2. Ito ay paraan ng pagtatanim kung saan ang mga bahagi ng halaman na itatanim ay pinatubo muna sa kahon ng punlaan o kaya sa seedling tray.

   Tuwiran Di-Tuwiran Seksuwal Aseksuwal

3. Ito ay paraan ng pagpaparami ng halaman na kung saan ang halaman ay may babae at lalaking bulaklak, na kapag pinagsama ang dalawang bulaklak nabubuo ito ng buto.

   Tuwiran Di-Tuwiran Seksuwal Aseksuwal

4. Ito ay paraan ng pagpaparami ng halaman na kung saan ang iba't ibang bahagi ng halaman ang itatanim at pinatutubo.

   Tuwiran Di-Tuwiran Seksuwal Aseksuwal

5. Ito ay pagpapatubo ng halaman gamit ang idinikit na supling sa pinagmulan nito.

   Budding Air Layering Grafting Marcotting

6. Ito ay pagsama ng supling sa isa pang halaman upang tumubo ito nang magkasama.

   Budding Air Layering Grafting Marcotting

7. Ito ay paghila ng sanga pababa hanggang umabot ito sa lupa.

   Budding Air Layering Grafting Marcotting

8. Ito ay pagpili ng sanga at pinatutubo ang bagong ugat ng sanga bago putulin at ihiwalay.

   Budding Air Layering Grafting Marcotting

9. Ito ay mga tanim na ginagamit na palamuti sa mga tahanan,paaralan, parke, at sa mga lansangan.

   Halamang Ornamental Halamang Gulay Punong Prutas

10. Ito ay mga punong-kahoy na namumunga ng masusustansyang prutas.

    Halamang Ornamental Halamang Gulay Punong Prutas

LIVEWORKSHEETS

Mga Hakbang sa Pagtatanim ng Halaman sa Natural na Pamamaraan

Pagsunod-sunurin ang paraan ng pagtatanim ng halaman mula umpisa. Lagyan ng bilang 1-5.

_____Simulan ang pagtatanim.

_____Patagin ang lupang-taniman gamit ang kalaykay.

_____Gumawa ng plano o layout ng lupang pagtataniman at linisin ang lugar na pagtataniman.

_____Haluan ng organikong pataba ang lupa.

_____Bungkalin ang lupa gamit ang asarol at piko.

Paraan ng Pangangalaga ng mga Pananim

Lagyan ng ✔ kung ito ay kasama sa paraan ng pangagalaga ng halaman.

_____ 1. Pagdidilig

_____ 2. Pagbubungkal

_____ 3. Paglalagay ng pataba

_____ 4. Pagsugpo sa insekto, sakit, at peste ng halaman

_____ 5. Pagsubaybay ng paglaki ng halaman

_____ 6. Pagbubunot ng mga ligaw na damo

_____ 7. Pagpapausok

_____ 8. Paggamit ng baking soda

_____ 9. Paggamit ng bawang at sili na pamuksa ng peste

_____ 10. Pagsayaw sa harap ng halaman

LIVEWORKSHEETS